

Bakit nagdarasal ang Muslim ng limang beses sa isang araw?

Ang Muslim ay sumusunod sa mga turo ng Propeta Muhammad at nagdarasal gaya ng kanyang ginagawa.

Sinabi ng Propeta: 'Magdasal kayo gaya ng nakita niyo akong nagdarasal' (Bukhari).

Ang Muslim, sa pamamagitan ng pagdarasal, ay nakikipag-usap sa Diyos limang beses sa isang araw upang ipakita ang kanyang matinding kagustuhan na makipag-ugnayan sa Kanya. Ito ang paraan na ibinigay ng Diyos para sa atin upang makausap Siya at inutusan Niya tayong gawin ito para sa ating kabutihan.

'Basahin mo ang ipinahayag sa iyo mula sa Aklat at magtaguyod ng dasal. Ang dasal ay pumipigil sa masama at kasuklam-suklam. Ang pag-alaala sa Diyos ay mas higit pa, at alam ng Diyos kung ano ang iyong ginagawa'[295] (Qur'an 29:45).

Bilang mga tao, hindi tayo tumitigil sa pakikipag-usap sa ating mga asawa at anak sa telepono araw-araw dahil sa ating pagmamahal sa kanila.

Ang kahalagahan ng pagdarasal ay nakikita rin sa pagtutuwid ng sarili sa tuwing ito'y nag-iisip na gumawa ng masama at hinihikayat ang paggawa ng mabuti dahil sa pag-alaala sa Diyos at ang takot sa Kanyang parusa at ang pag-asa sa Kanyang awa at gantimpala.

Ang mga gawa ng tao ay dapat na para sa Diyos lamang, at dahil mahirap para sa tao na palaging maalala o magbago ng intensyon, kinakailangan ang oras ng pagdarasal para sa pakikipag-ugnayan sa Diyos at para sa pag-renew ng katapatan sa Kanya sa pagsamba at trabaho. Ang mga oras ng pagdarasal ay limang beses sa araw at gabi, na sumasaklaw sa mga pangunahing pagbabago ng araw at gabi (bukang-liwayway, tanghali, hapon, paglubog ng araw, at gabi).

'Kaya't magtiis ka sa kanilang sinasabi, at luwalhatiin mo ang iyong Panginoon bago sumikat ang araw at bago lumubog ito, at sa ilang oras ng gabi at sa mga oras ng araw, upang ikaw ay maging masaya' [296] (Qur'an 20:130).

Bago sumikat ang araw at bago lumubog ito: Dasal ng Fajr at Asr.

Sa ilang oras ng gabi: Dasal ng Isha.

Sa mga oras ng araw: Dasal ng Dhuhr at Maghrib.

Limang dasal upang masaklaw ang lahat ng natural na pagbabago sa araw at upang maalala ang Lumikha nito.

سؤال وجواب حول الإسلام

Source: <https://the-faith.com/qa/tl/show/108/>

Arabic Source: <https://the-faith.com/qa/ar/show/108/>

Monday 1st of June 2026 09:09:53 PM